

Kulo at Kolorum: Mas Responsableng Mass Media

ni Virgilio S. Almario

MAS RESPONSABLENG MASS MEDIA (2)



SA ISANG PAGTITIPON ng “Kapihang Wika” ay nagreklamo ang isang reporter. [Hindi ko babanggitin ang kaniyang pangalan dahil bakâ mawalan siya ng trabaho.] Sabi niya, nahihirapan siláing mga reporter sumunod sa Ortograpiyang Pambansa dahil binabago ng kanilang mga editor ang kanilang balita.

Ibinigay niyang simpleng kaso ang salitâng “aksiyón.” Mula ito sa Español na *accion* at noon pang panahon nina Rizal ay ginagamit na ng taumbayan. Dahil sa abakada na walang titik C, kailangang reispel ang naturang salita alinsunod sa bigkas kayâ naging K ang unang C at naging S ang ikalawang C. Ngunit naging problema nitóng dekada 70 ang paraan ng pagsulat sa kambal-patinig na IO. May mga eksperto sa Lingguwistika na nagsabing dapat palitan ng Y ang lahat ng unang patinig sa naturang kambal-patinig. Kayâ lumitaw ang anyong “aksyon” at siya ngayong malaganap na isinusulat.

Siniyasat mabuti ng KWF ang naturang kaso at nagkaroon ng pangkalahatang tuntunin hinggil sa kambal-patinig ang Ortograpiyang Pambansa. Sa anyo pa lámang ng “ortograpiya” sa halip na “ortograpiya” ay makikita nang hindi ganap na sumasang-ayon ang KWF sa atas ng mga Lingguwistaseo natin. Basáhing mabuti ang Tuntunin 5 sa Ortograpiyang Pambansa upang mapag-aralan ang higit na masalimuot na pagtrato sa kambal-

patinig. Masalimuot, dahil may mahabà nang iba-ibang paraan ng pagtrato sa kambal-patinig sa nakasulat na panitikan ng Filipinas. Masalimuot, kayâ hindi maaaring lapatan ng isang simplistikong tuntunin na gaya ng nais ng mga Linggwistase-ro.

Iminumungkahi kong bumása ng Ortograpiyang Pambansa ang mga editor ng peryodiko sa Filipino. Bahagi ito ng kanilang tungkulin bilang editor at itinuturing na mas maalam sa wika kaysa mga reporter nilá. Hindi puwedeng wido lang ang pagsulat. Hindi rin puwedeng pairalin lang ang kung ano ang kanilang “nakamihasnan.” Nagbabago ang ating wika araw-araw. Malaking pagbabago sa pagsulat ang bagong alpabeto. At kayâ tungkulin ng isang mas responsableng editor na ilahok ang sarili sa pagbabago. Iniimbíta nga namin ang mga editor na dumalo sa buwanang “Kapihang Wika” upang maging aktibong kalahok sa pagpanday natin ng Filipino bilang isang wika ng karunungan.

Bilang pag-uulit, nais kong ipagpauna na ang lahat ng mababása ninyo dito ay sarili kong opinyon at hindi sa KWF, maliban kung isaad ko. Nakabukás din ako sa anumang nais itanong bukod sa nais ipanukala ng mababása. Nais kong makipag-usap sa mga alagad ng wika.